

Harmandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2021

Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite

Comision Para sa Pagsasalin
DRC, JC, LAdC, JA, MPD



IKA-APAT NA LINGGO NG KWARESMA

Misa "Laetare"

• I cl. • Semidoble • Lila o Rosas

Maiksing Pagninilay

ANG ARAW NA ITO na ito ay ikinatutuwa ng mga Kristyano sa gitna ng pagpapakasakit sa sarili at pag-aayuno. Ang masaya't maringal na tunog ng organo at mga tugtugin ay muling iparirinig sa Misa, dahil ang katubusan ng sanlibutan ay malapit na. Subalit, bago maganap ang pagtubos na ito, kailangang tiisin natin ang kahirapang tinataglay ng ating mga ginagawang pagpapasakit at ialay ito sa ginawa sa atin ng ating Manunubos.

Nais nating maginhawaan sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Sa panahon na ito ng Kwaresma, ipinaalala sa atin na tayo ay patuloy na nangangailangan ng Diyos upang punan, patnubayan, ampunin at kalingain tayo. Ang tunay na kaligayahan at kalayaan ay matatagpuan lamang kay Kristo. Matatanto natin na kung lahat ng Kristyano ay magsasama-sama sa iisang adhikain para sa Diyos, lahat ay magiging payapa, dahil nasusulat, "ang lahat ay umiiral nang mabuti sa tanang umiibig sa Kaniya." Kaya't ihanda natin ang ating mga sarili para sa banal na Komunyon higit sa lahat sa Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay, at hayaan tayong pakanin ni Kristo ng kaniyang Katawan at Dugo.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is 66:10-11

LAETARE Ierúsalem: et convéntum fácite, omnes qui dilígitis eam: gaudéte cum lætítia, qui in tristítia fuístis: ut exsultétis, et satiémini ab ubéribus consolatiónis vestræ. — *Ps 121:1* Lætátus sum in his, quæ dicta sunt mihi: in domum Dómini íbimus. *V.* Gloria Patri. Laetare.

- *Hindi aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

CONCEDE, quæsumus, omnipotens Deus: ut, qui ex merito nostræ actiúnis affligimur, tuæ grátie consolatióne respirémus. Per Dominum.

Ad poscenda suffragium Sanctorum:

A cunctis nos, quæsumus, Dómine, mentis et córporis defénde perículis: et, intercedénte beáta et gloriósa semper Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, salutem nobis tribue benígus et pacem; ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, Ecclésia tua secúra tibi sérviat libertáte. Per eúndem Dóminum.

MAGALAK KA, O Jerusalem, at magpulong kayong nagmamahl sa kaniya. Magsaya't magdiwang kayong nagdadalamhati, upang mabusog at maisyahan sa puso niyang mapang-aliw. — *Salmo 121:1* Nagalak ako nang sinabi sa akin: paparoon tayo sa bahay ng Panginoon. *V.* Luwalhati sa Ama. — Magalak ka...

Para Hingin ang Tulong ng mga Banal:

Ipagtanggol mo kami mula sa lahat ng mga panganib sa aming katawan ang pag-iisip, Panginoon, hinihiling namin: at sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, puspusin mo nawa kami ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ng iyong kabutihan, nang sa ganoon ay sa pagkawasak ng kahirapan at kamalian, nawa ay mapagsilbihan kayo sa kapayapaan ng Santa Iglasiang hirang. Sa pamamagitan pa rin...

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

DA NOBIS, quæsumus, miséricors Deus: ut sancta tua, quibus incessánter explémur, sincéris tractémus obséquii, et fidéli semper mente sumámus. Per Dominum.

Ad poscenda suffragium Sanctorum:

Mundet et múniat nos, quæsumus, Dómine, divíni sacraménti munus oblátum: et, intercedénte beáta Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, a cunctis nos reddat et perversitatibus expiátos, et adversitatibus expeditos. Per eúndem Dóminum.

Pro Vivis et Mortuis:

Purificent nos, quæsumus, omnipotens et misericors Deus, sacramenta quæ sumpsimus: et, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, praesta; ut hoc tuum sacramentum non sit nobis reatus ad pœnam, sed intercessio salutaris ad veniam: sit ablutio scelerum, sit fortitudo fragilium, sit contra omnia mundi pericula firmamentum: sit vivorum atque mortuorum fidelium remissio omnium delictorum. Per Dominum.

IPAGKALOOB MO nawa, maawaing Diyos, na ang iyong mga banal na misteryo na ipinakakain Monga walang patid sa amin, ay siya nawang igalang namin nang taos-puso't tanggapin nang may tapat na pag-iisip. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

Para Hingin ang Tulong ng mga Banal:

Nawa'y pagtibayan at malinisan nawa kami, aming iniluluhog sa iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng mabathalang sakramento na inihandog namin: at, sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, linisin mo nawa kami sa lahat ng aming maling gawain, at iligtas sa lahat ng kapahamakan.. Sa pamamagitan pa rin...

Para sa mga Buhay at Namatay na:

Makapangyarihan at mahabaging Diyos, hayaan mong nawa sa tinanggap naming banal na misterio ay malinis ang aming kalooban. Sa pagdalangin ng iyong mga santo, ang sakramento na ito ay hindi nawa maging sanhi ng aming pagkakasala at pagpaparusa, ngunit bilang isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagliligtas. Mahugasan nito ang aming diwa sa aming pagkakasala. Maging sandigan ito sa aming kahinaan. Maging pananggol sa mga sakuna. Para sa mga nabubuhay at nangamatay na kapatid sa pananampalataya, nawa'y makatulong ito upang matamo nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grätias ägere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

Qui corporáli ieiúnio vítia cómprimis, mentem élevas, virtútem largírís et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes.

Cæli cælórúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant.

Cum quibus et nostras voces ut admítte iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes:
— *Sanctus, Sanctus, Sanctus...*

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 121:3-4

JERUSALEM, quæ ædificátur ut civitas, cuius participátio eius in idípsum: illuc enim ascendérunt tribus, tribus Dómini, ad confiténdum nómini tuo, Dómine.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan.

Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo.

Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:
— *Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...*

ANG HERUSALEM ay lungsod na matibay at matatag, tulad ng mga taong nagsisisksikan. Doon umaahon ang mga lipi, ang mga lipi ng Panginoon upang magpuri sa kaniyang pangalan.

Pro Vivis et Mortuis:

Omnipotens sempiternus Deus, qui vivorum dominaris simul et mortuorum, omniumque misereris, quos tuos fide et opere futuros esse prænoscis: te supplices exoramus; ut, pro quibus effundere preces decrevimus, quosque vel præsens saeculum adhuc in carne retinet, vel futurum iam exutos corpore suscipit, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, pietatis tuae dementia omnium delictorum suorum veniam consequantur. Per Dominum.

Para sa mga Buhay at Namatay na:

Makapangyarihan at walang-hanggan Diyos, ikaw ang naghahari sa nangamatay at sa mga nabubuhay, at maawain sa lahat na nakakaalam na sila ay sa Iyo dahil sa pananampalataya at mabuting gawain. Pakumbaba naming isinasamo namin sa iyo, para sa kanila na ang aming mga panalangin ay ibinuho, kung sila man ay nanatili pa sa kanilang katawang-lupa o kaya'y tinanggap na sa kabilang buhay ang kanilang kaluluwa, nawa'y sa iyong pag-ibig at kabutihán, at sa panalangin ng mga Santo, makamit nawa nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang mga kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

SULAT • Gal 4:22-31

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia.

MGA KAPATID: Nasusulat: si Abraham ay nagkaanak ng dalawang lalaki, isa sa aliping babae at isa sa malayang babae. Ang anak niya sa aliping babae ay ipinanganak ayon sa kagustuhan ng tao, ngunit ang anak niya sa malayang babae ay ipinanganak bilang katuparan ng pangako ng Diyos. Ito'y isang paghahambing. Ang dalawang babae ay larawan ng dalawang kasunduan, ang isa ay ang tipan sa Bundok ng Sinai na kinakatawan ni Hagar at ng kanyang mga anak, na pawang mga alipin. Si Hagar ay kumakatawan sa Bundok ng Sinai na nasa Arabia, at larawan ng kasalukuyang Jerusalem sapagkat siya'y nasa pagkaalipin, kasama ng kanyang mga mamamayan. Ngunit ang Jerusalem na nasa langit ay malaya, at siya ang ating ina. Ayon sa nasusulat, “*Magsaya ka, O babaing hindi magkaanak! Humiyaw ka sa galak, ikaw na hindi pa nakaranas ng hirap sa panganganak! Sapagkat higit na marami ang anak ng babaing nangungulila kaysa babaing may asawa.*” * Mga kapatid, tulad ni Isaac, tayo'y mga anak ayon sa pangako. Kung noong una, ang ipinanganak ayon sa Espiritu ay inuusig ng ipinanganak ayon sa kagustuhan ng tao, gayundin naman ngayon. Ngunit ganito ang sinasabi ng kasulatan, “*Palayasin mo ang babaing alipin at ang kanyang anak, sapagkat ang anak ng alipin ay hindi dapat makibahagi sa mana ng anak ng malaya.*” Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo anak ng alipin kundi ng malaya. — *R.* Salamat sa Diyos.

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 121:1, 7

LAETATUS sum in his, quæ dicta sunt mihi: in domum Dómini íbimus.

V. Fiat pax in virtúte tua: et abundántia in túrribus tuis.

NAGALAK ako nang sinabi sa akin: paparoon tayo sa bahay ng Panginoon.

V. Maghari ang kapayapaan sa iyong mga kuta, at kasaganaan naman sa iyong mga muog.

TRACTO • Ps 124:1-2

QUI confidunt in Dómino, sicut mons Sion: non commóvebitur in ætérnum, qui hábitat in Ierúsalem.

V. Montes in circúitu eius: et Dóminus in circúitu pópuli sui, ex hoc nunc et usque in sáeculum.

ANG MGA nagtitiwala sa Panginoon ay parang bundok ng Sion. Hindi maaring matinag kailanman ang mga nananahan sa Jerusalem.

V. May mga bundok sa paligid nito; gayundin ang Panginoon na pumapalibot sa kaniyang bayan, ngayon at kailanman.

EBANGHELYO • Jn 6:1-15

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: tumawid si Jesus sa ibayo ng Lawa ng Galilea, na tinatawag ding Lawa ng Tiberias. Sinundan siya ng napakaraming tao sapagkat nakita nila ang mga himalang ginawa niya sa pagpapagaling sa mga maysakit. Umakyat si Jesus sa bundok kasama ang kanyang mga alagad at naupo roon. Noon ay malapit na ang Paskwa ng mga Judio. Tumanaw si Jesus at nang makita niyang dumarating ang napakaraming tao, tinanong niya si Felipe, “Saan kaya tayo makakabili ng tinapay upang makakain ang mga taong ito?” Sinabi niya iyon upang subukin si Felipe, sapagkat alam na niya ang kanyang gagawin. Sumagot naman si Felipe, “Kahit na po halagang dalawandaang salaping pilak ng tinapay ay di sasapat para makakain sila nang tigkakaunti.” * Sinabi ni Andres na isa sa kanyang mga alagad at kapatid ni Simon Pedro, “Mayroon po ritong isang batang lalaki na may dalang limang tinapay na sebada at dalawang isda. Subalit sasapat kaya ang mga ito?” “Paupuin ninyo ang mga tao,” sabi ni Jesus. Madamo sa lugar na iyon. Umupo nga ang mga tao; sa kanila’y may humigit-kumulang sa limanlibo ang mga lalaki. Kinuha ni Jesus ang tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay ipinamahagi iyon sa mga taong nakaupo. Gayundin ang ginawa niya sa mga isda. Nakakain ang lahat at nabusog. Nang makakain na ang mga tao, sinabi ni Jesus sa mga alagad, “Ipunin ninyo ang lumabis nang di masayang.” Ganoon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labindalawang kaing mula sa limang tinapay na sebada. * Nang makita ng mga tao ang himalang ginawa ni Jesus, sinabi nila,

“Tunay na ito ang Propetang darating sa sanlibutan!” Napansin ni Jesus na lalapitan siya ng mga tao at pipilitin siyang gawing hari, kaya’t umalis siyang muli at mag-isang umakyat sa bundok. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

• *May Credo o Sumasampalataya*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 134:3, 6

LAUDATE Dóminum, quia benígnus est: psállite nómini eius, quóniam suávis est: ómnia, quæcúmque vóluit, fecit in cœlo et in terra.

PURIHIN ang Panginoon, sapagka’t siya’y butihin. Magsiawit kayong maligaya sa kaniyang ngalan. Anumang kinalulugdan niya’y ginagawa sa langit at lupa.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SACRIFICIIS præsentibus, Dómine, quæsumus, inténde placátus: ut et devotióni nostræ proficiant et salúti. Per Dóminum.

Ad poscenda suffragium Sanctorum:

Exáudi nos, Deus, salutáris noster: ut, per hujus sacraménti virtútem, a cunctis nos mentis et córporis hóstibus tueáris; grátiam tríbuens in præsentí, et glóriam in futúro. Per Dominum.

Pro Vivis et Mortuis:

Deus, ui soli cognitus est numerus electorum in superna felicitate locandus: tribue, quaesumus; ut, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, universorum, quos in oratione commendatos suscepimus, et omnium fidelium nomina, beatae prædestinationis liber adscripta retineat. Per Dominum.

ANG PAGHAHAIN na handog sa iyo, Panginoon, ay siyang makapagpalubag nawa sa Iyo, upang ang aming ginagawa sa banal na pagdiriwang na ito ay makapagdulot sa amin ng kaligtasan. Alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin...

Para Hingin ang Tulong ng mga Banal:

Pakinggan mo kami, Diyos na aming manliligtas: at sa iyong nakakagaling na sakramento, ipagtanggol Mo kami sa kaaway ng katawan at isipan. Pagkalooban Mo nawa kami ng grasya ngayon, at kaluwalhatian sa panghinaharap. Sa pamamagitan...

Para sa mga Buhay at Namatay na:

O Diyos, ikaw lamang nakakaalam ng bilang ng mga nahalal na makamtan ang kaligayahan sa langit. Igawad mo nawa, aming isinusumamo sa iyo, sa pagdalangin ng Iyong mga santo, nawa’y lahat ng mga pangalan na aming inihabilin sa aming panalangin at sa panalangin ng sambayanang sumasampalataya ay marapat na mapabilang sa aklat ng mga pinagpala. Alang-alang sa Anak Mo...